Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING TATLONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-5 NG ABRIL, 1995 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. ANTONIO B. DICTADO	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
3.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
4.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
5.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
6.	Kgg. ROGELIO L. LIJAUCO	- Kagawad
7.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
8.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay
9.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 67-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGMUMUNGKAHI AT HUMIHILING SA MAHAL NA PUNONG-LALAWIGAN RESTITUTO LUNA NA MAHIRANG SI Bb. ALICIA LAZAGA BILANG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN KAPALIT NG NAGBITIW SA TUNGKULING SI KAGAWAD JOSE B. CATINDIG, Jr.

SAPAGKA'T, si Kagawad Jose B. Catindig, Jr., kasalukuyang kumakandidato bilang Pangalawang Punong-bayan ng Santa Rosa, Laguna ay itinuturing na nagbitiw sa tungkulin sa sandaling lagdaan at isulit ang kanyang "Certificate of Candidacy", alinsunod sa itinatadhana ng batas;

SAPAGKA'T, sa pagbibitiw ng nabanggit na kagawad ay mawawalan ng isang mahalagang posisyon sa kabuuan ng kapulungan ng Sangguniang Bayan na kinakailangang mapalitan sa pamamagitan ng paghirang ng Punong-lalawigan ng Laguna;

SAPAGKA'T, si Bb. Alicia Lazaga ay mayroong sapat na kakayahan sa paglilingkod sa pamahalaan bilang siya ay nahirang na Kagawad ng Sangguniang Bayan, Kinatawan ng Sektor ng Industriya simula taong 1990 hanggang taong 1992;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagmumungkahi at paghiling sa Mahal na Punong-lalawigan Restituto Luna na mahirang si Bb. Alicia Lazaga bilang Kagawad ng Sangguniang Bayan kapalit ng nagbitiw sa tungkuling si Kagawad Jose B. Catindig, Jr.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:
Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-13 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-5 ng Abril, 1995.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim